# Abot-kayang pangmatagalang saklaw ng pangangalaga para sa mga manggagawa ng Washington

WA CARES FUND

Ang WA Cares Fund (Pondo ng "May Malasakit ang Estado ng Washington") ay isang nakukuhang benepisyong inilalaan upang tulungan kayo sa inyong pagtanda nang may kakayahang makapag-isa sa inyong sariling tahanan.

## Paano ito gumagana

1

**Awtomatikong ibigay bilang kontribusyon**

Magbigay kayo nang 0.58% kada suweldo hangang tumigil na kayong magtrabaho.

2

**Maging kalipikado para sa mga benepisyo**

Mag-aplay upang maakses ang mga benepisyo kung natugunan ninyo ang mga kinakailangang kontribusyon at pangangalaga.

3

**Gamitin ang inyong mga benepisyo**

Piliin kung paano gagamitin ang inyong $36,500 na halaga ng pang-habambuhay na benepisyo (lumalago kasabay ng inflation).

# Pagiging kalipikado para sa mga benepisyo

## 1. Kinakailangang kontribusyon

Matugunan ang kinakailangang kontribusyon sa pamamagitan ng isa sa tatlong pamamaraan.

Dapat ninyong matugunan ang parehong mga kinakailangang kontribusyon at pangangalaga.

### Permanenteng pamamaraan

Pagkatapos magbigay ng kontribusyon sa loob ng hindi bababa sa **10 TAON**

Makakuha ng akses sa **$36,500** na benepisyo

### Pansamantalang pamamaraan

Kung nakapagbigay kayo ng kontribusyon sa loob ng hindi bababa sa **TATLO NG HULING ANIM NA TAON** sa panahon ng inyong pag-aplay

Makakuha ng akses sa **$36,500** na benepisyo

### Transisyong pamamaraan

Kung ipinanganak kayo bago ang taong 1968, **PARA SA BAWAT TAON** na nagbibigay kayo ng kontribusyon

Makakuha ng akses sa **10%** ng buong halaga ng benepisyo

*Bibilangin namin ang bawat taon sa kalendaryo na nagtatrabaho kayo nang hindi bababa sa 500 oras.*

## 2. Kinakailangang pangangalaga

Dapat naming malaman na kailangan ninyo ng tulong sa tatlo o higit pang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay at patuloy kayong mangangailangan ng tulong sa loob ng hindi bababa sa 90 araw.

Bibilangin namin ang anumang aktibidad kung saan kailangan ninyo ng superbisyon (tulad ng pagsubaybay, tulong sa pagpila o sapag-set up) upang maisakatuparan.

**Ang mga aktibidad na tinatasa namin**



Paliligo | Pagkilos sa kama | Pagkain | Pangangasiwa ng gamot | Pagkilos | Pagpapalipat-lipat | Paggamit ng kubeta

## Pag-aplay para sa mga benepisyo

Kayo (o ang taong tumutulong sa inyo) ay mag-aaplay online o tatawag sa amin upang humingi ng tulong.

Susuriin namin ang inyong mga kontribusyon at makikipagpulong kami sa inyo tungkol sa inyong kinakailangang pangangalaga.

Alamin pa sa:
wacaresfund.wa.gov/apply

## Paggamit ng inyong mga benepisyo

Puwede ninyong gamitin ang inyong mga benepisyo upang makatanggap ng anumang saklaw na serbisyo at suporta mula sa isang tagapagbigay-serbisyo ng WA Cares, kasama na rito ang pangangalaga sa inyong tahanan o sa isang pasilidad, pagbabago sa tahanan, pagkaing inihahatid sa tahanan, pang-agapay na kagamitan at iba pa.

Alamin pa sa:
wacaresfund.wa.gov/benefits

# MAGTANGAP KAYO NG SUPORTA

**Telepono**
844-CARE4WA
(844-227-3492)

**Mag-email o mag-chat**
wacaresfund.wa.gov/contact

May makukuhang tulong sa wika. Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang **wacaresfund.wa.gov**.